Republic of the Philippines
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**
Pasig City

**Ordinance No. 08**
**Series of 2015**

**ISANG KAUTUSANG PANGLUNGSOD NA NAGSUSUSOG SA KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 05 SERYE NG 2004 NA KILALA SA PAMAGAT NA "PROYEKTONG EASY PONDONG PANGNEGOSYO O EPP"**

---

Panukala nina: Konsehal Augustin Alexee C. Santiago
Richard C. Eusebio, Christian G. Sia, Reynaldo R. San Buenaventura III, Ferdinand A. Avis, Gregorio P. Rupisan, Jr., Rhichie Gerard T. Brown, Orlando R. Benito, Charmie Q. Benavides, Rosalio D. Martires, Wilfredo F. Sityar at Pangulo ng Liga Celestino U. Chua

---

**YAMANG** marami sa mga mahihirap na mamamayan ng Lungsod ng Pasig ay patuloy na nagiisip ng paraan upang magkaroon ng maunlad na kabuhayan;

**YAMANG** ang mga maralitang tagalungsod na mamamayan ng Pasig ay nangangailangan ng tulong pinansyal upang gamiting puhunan sa maliliit na pinagkakakitaan na kanila nang napasimulan o nais masimulan;

**YAMANG** ang Pamahalaang Lungsod ng Pasig ay patuloy na bumabalangkas ng mga programang magpapaunlad sa kabuhayan ng mga mamamayan nito;

**YAMANG** ang Pamahalaang Lungsod ng Pasig ay nagsisikap na tugunan ang itinakda ng Local Government Code na nagbigay ng kapangyarihan sa pamalahaang lokal sa pamamagitan ng Punong Lungsod nang may pagsang-ayon ng Sangguniang Panglungsod, na magkaloob ng tulong pinansyal sa mga mamamayan at kooperatiba o samahan para sa proyektong pagpapaunlad ng kabuhayan;

**YAMANG**, hinahangad ng Pamahalaang Lungsod ng Pasig na palawakin ang nasasaklawan ng **Proyektong Easy Pondong Pangnegosyo (EPP)** upang makabilang ang mga indibidwal na mamamayan ng Pasig sa mga maaring humiram ng pondo mula sa EPP.

**DAHILAN DITO**, mangyaring isabatas ng SANGGUNIANG PANGLUNGSOD NG PASIG na natitipon sa bulwagang ito na:

**Seksyon 1.** Ang Seksyon 3 ng Kautusang Panglungsod Blg. 05 Serye ng 2004 ngayon ay sinusugan upang mabasa bilang:

> "Seksyon 3. NASASAKLAWAN
>
> Ang Kautusang Panglungsod na ito ay sumasaklaw sa lahat ng kwalipikadong indibidwal na mamamayan ng Lungsod ng Pasig na nagnenegosyo o nagnanais na magnegosyo at sa lahat ng lehitimo, kinikilala, at rehistradong kooperatiba at samahan sa Pasig na may kapangyarihan at kakayahang tumanggap at magpahiram sa mga pwedeng makinabang sa programa ng EPP."

**Seksyon 2.** Ang Seksyon 4 ng Kautusang Panglungsod Blg. 05 Serye ng 2004 ngayon ay sinusugan upang mabasa bilang:

> "Seksyon 4. PARAAN NG PAGPAPATUPAD
>
> Ang Pamahalaang Lungsod sa pamamagitan ng Punong Lungsod ay bubuo at hihirang ng Project Management Committee ("PMC")

**ISANG KAUTUSANG PANGLUNGSOD NA NAGSUSUSOG SA KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 05 SERYE NG 2004 NA KILALA SA PAMAGAT NA "PROYEKTONG EASY PONDONG PANGNEGOSYO O EPP"**

na magtatakda ng mga patakaran at pamamaraan ng EASY PONDONG PANGNEGOSYO ("EPP"), maghahanda ng mga nararapat na mga dokumento, at mangunguna sa pagpapatupad at susubaybay sa EPP, sa pasubali na ang mga nasabing mga patakaran at pamamaraan ay ilalahad at ihahain sa Sangguniang Panglungsod upang pagtibayin. Ang PMC ang magsusuri at magpapatibay ng mga aplikasyon ng mga organisasyon at indibidwal na hiniram mula sa pondo ng EPP.

**Seksyon 3.** Ang Seksyon 6 ng Kautusang Panglungsod Blg. 05 Serye ng 2004 ngayon ay sinusugan upang mabasa bilang:

"Seksyon 6. LAANG GUGULIN

Ang itinakdang laang-pondo sa halagang LABING-ISANG MILYONG PISO (P11,000,000.00) ay gagamitin sa pagpapahiram sa mga indibidwal na mamamayan ng Pasig na may maliit na negosyo o gustong magtayo ng negosyo at sa mga rehistrado at kinikilalang "non-profit" na mga samahan sa Pasig na siya namang magpapahiram sa kanilang mga kasapi o tinatanaw na maging kasapi na may maliit na negosyo o nagnanais na magnegosyo, at sa iba pang gugulin na may kinalaman sa pagpapatupad ng EPP."

**Seksyon 4.** SEPARABILITY CLAUSE

Kung sa ano mang dahilan, aliman sa seksyon o probisyong nakapaloob sa Kautusang Panglungsod na ito ay ideklara bilang labag sa Saligang Batas o ipawalang bisa ng isang hukumang may sapat na kapangyarihan, ang pagpapawalang-bisa ng nasabing seksyon or probisyon ay hindi makakaapekto sa bisa ng nalalabing bahagi ng Kautusang Panglungsod na ito.

**Seksyon 5.** PAGPAPAWALANG BISA

Ang lahat ng kautusang panglungsod at mga patakaran na bahagi nito na salungat sa alinmang probisyon o seksyon ng Kautusang Panglungsod na ito ay samakatuwid na pinapawalang bisa, at sinususugan na naayon sa Kautusang Panglungsod na ito.

**Seksyon 6.** PAGPAPAIRAL

Ang Kautusang Panglungsod na ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

Pinagtibay ng lahat ng kasapi ng **SANGGUNIANG PANLUNGSOD** ng PASIG ngayong ika-12 ng **Marso, 2015.**

**ISANG KAUTUSANG PANGLUNGSOD NA NAGSUSUSOG SA KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 05 SERYE NG 2004 NA KILALA SA PAMAGAT NA "PROYEKTONG EASY PONDONG PANGNEGOSYO O EPP"**

SINANG-AYUNAN

**REYNALDO R. SAN BUENAVENTURA III**
Konsehal

**ORLANDO R. BENITO**
Konsehal

**AUGUSTIN ALEXEE C. SANTIAGO**
Konsehal

**CHARMIE Q. BENAVIDES**
Konsehal

**FERDINAND A. AVIS**
Konsehal

**ROSALIO D. MARTIRES**
Konsehal

**GREGORIO P. RUPISAN, JR.**
Konsehal

**WILFREDO F. SITYAR**
Konsehal

**RHICHIE GERARD T. BROWN**
Konsehal

**CELESTINO U. CHUA**
Pangulo ng Liga

**CHRISTIAN G. SIA**
**Konsehal**
**Punong Tagapangulo ng Minorya**

PINATUTUNAYAN:

**RICHARD C. EUSEBIO**
**Konsehal**
**Pansamantalang Tagapangulo**

PINAGTIBAY:

**MARIA BELEN A. EUSEBIO**
**Punong Lungsod**

PINATUTUNAYAN:

**LOIDA U. VILLANUEVA**
**Tumatayong Kalihim**